


<p>Kagawaran ng Katarungan ng California DIBISYON NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS Stephen Woolery, Hepe (gumaganap)</p> 	<h1>BULLETIN NG IMPORMASYON</h1>	
<p><i>Paksa:</i></p> <p>Senate Bill 464 (2023) Mga Pagbabago sa mga Karapatan at Kinakailangan ng mga Biktima para sa Pambuong Estado na Pag-audit ng mga Hindi Nasuring Sexual Assault Evidence Kit</p>	<p><i>No.</i></p> <p>2024-DLE-03</p>	<p><i>Impormasyon ng Kontak:</i></p> <p>Nikki Duda Assistant Bureau Director Bureau of Forensic Services 916-210-7446</p>
	<p><i>Petsa:</i></p> <p>06/20/2024</p>	

PARA SA: LAHAT NG LOKAL NA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS SA CALIFORNIA AT PAMPUBLIKONG LABORATORYO NG KRIMEN

Ang bulletin na ito ay nagbibigay ng buod ng mga kinakailangan ng Senate Bill (SB) 464 (Cal. Stats. 2023, ch. 715), na bumago sa mga seksyon ng Penal Code 680, 680.3, at 11116.10, at isinawalang-bisa at pinalitan ang seksyon 680.4. Nagkabisa ang mga pagbabagong iyon noong Enero 1, 2024.

MGA PAGBABAGO SA MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA

Simula Enero 2024, maaaring hilingin ng isang biktima na huwag suriin ang kaniyang sexual assault evidence kit. (Pen. Code, § 680, subd. (h)(2).) Kung ginawa ang ganoong kahilingan, ang isang medikal na pasilidad na kumukuha ng kit na iyon at ang ahensyang nagpapatupad ng batas na tumatanggap nito, ay hindi dapat isumite ang kit na nakolekta mula sa biktima. Sa halip, ang kit ay dapat ilagay sa storage ng medikal na pasilidad o ahensyang nagpapatupad ng batas. Kung natanggap ng isang pampublikong laboratoryo ng krimen ang naturang kit, dapat i-release ng laboratoryo ang kit para mailagay ito sa storage ng ahensyang nagpapatupad ng batas. Ang kit ay hindi dapat suriin para sa DNA, hindi dapat ilagay sa Sexual Assault Forensic Evidence Tracking (SAFE-T) database ng Department of Justice (DOJ), at hindi dapat iulat sa pambuong estadong pag-audit ng mga hindi pa nasuring sexual assault evidence kit (natugunan sa ibaba).

Ang mga medikal na pasilidad sa mga hurisdiksyon na lumalahok sa mga rapid turnaround DNA program (hal., programa ng Rapid DNA Service (RADS) ng DOJ ay direktang nagsusumite ng mga kit mula sa medikal na pasilidad patungo sa laboratoryo ng krimen. Pakitandaan na, kapag humiling ang isang biktima na huwag suriin ang kaniyang kit kung saan available ang rapid turnaround program, dapat panatilihin ng medikal na pasilidad ang parehong kit (ibig sabihin, ang tradisyonal o standardized kit at ang rapid turnaround DNA kit) o i-release ang parehong kit para mailagay sa storage ng isang ahensyang nagpapatupad ng batas na may mga tagubilin na huwag suriin. Kapag humiling ang isang biktima na huwag suriin ang kaniyang kit, **hindi** dapat isumite sa isang laboratoryo ang kaniyang (mga) kit.

Kung humiling ang isang biktima o saksi sa isang krimen na maabisuhan tungkol sa kinalabasan ng kaso, dapat ipaalam ng nag-uusig na abogado sa biktima o saksi sa pamamagitan ng liham ang pinal na disposisyon ng kaso (ibig sabihin, dismissal, pagpapawalang-sala, pagpataw ng hatol ng hukuman, o isang desisyon ng nag-uusig na abogado na huwag magsampa ng kaso) sa loob ng 30 araw ng naturang huling disposisyon. (Pen. Code, § 11116.10, subd. (a).) Bago ang pagsasabatas ng SB 464, ang deadline ay 60 araw.

PAMBUONG ESTADO NA PAG-AUDIT NG MGA HINDI NASURING SEXUAL ASSAULT EVIDENCE KIT

Ang Penal Code section 680.4, gaya ng idinagdag ng SB 464, ay nag-aatas sa bawat “ahensyang nagpapatupad ng batas, medikal na pasilidad, pampublikong laboratoryo ng krimen, at anumang iba pang entity na

tumatanggap, nagpapanatili, nag-iimbak, o nag-iingat ng mga sexual assault evidence kit” na magsagawa ng pag-audit sa mga hawak nila na hindi nasuring sexual assault evidence kit at iulat ang tinukoy na impormasyon sa DOJ. Tinutukoy ng Seksyon 680.4 ang pamantayan para sa pag-audit na ito. Kailangang magsumite ang DOJ ng ulat sa Lehislatura na nagbubuod sa impormasyong natatanggap nito. (Pen. Code, § 680.4, subd. (d).)

Nalalapat lang ang audit na ito sa tradisyonal o standardized na mga sexual assault evidence kit na nakolekta mula sa mga biktima at suspetsado. Ang ibang ebidensya ng sexual assault maliban sa ebidensya na nakolekta sa isang kit (hal., damit at kobre-kama, mga sample ng DNA na nakolekta mula sa mga suspetsado at mga pinahintulutang partner, at iba pang uri ng kit na nakolekta sa mga pagkakataon kung saan walang sinasabi o pinaghihinalaang sexual assault) ay hindi kasama sa pag-audit na ito at hindi dapat ipasok sa SAFE-T database ng DOJ (tulad ng tinalakay sa ibaba). (Pen. Code, § 680.4, subd. (b)(4).)

Para sa layunin ng pag-audit na ito, ang tradisyonal o standardized na sexual assault evidence kit at ang nauugnay nitong rapid turnaround DNA kit (hal., RADS) ay itinuturing na parehong kit.

Sa ilalim ng seksyon 680.4, ayon sa binago ng SB 464, ang isang "nasuring kit" ay ang kinuha, sa pinakamababa, sa pamamagitan ng proseso ng DNA quantitation:

a) Kung ipinapahiwatig ng mga resulta ng DNA quantitation na walang dayuhang DNA sa biktima, o hindi sapat ang kalidad at dami ng dayuhang DNA para sa DNA typing upang magbigay ng genetic na impormasyon tungkol sa isang di-umano'y may kasalanan, maaaring itigil ang pagsusuri sa DNA quantitation, at ituturing ang kit na nasuri na;

b) Kung ipinapahiwatig ng mga resulta ng DNA quantitation na ang DNA typing at maaaring magbigay ng genetic na impormasyon tungkol sa isang di-umano'y may kasalanan, at sapat ang dami at kalidad ng DNA upang matagumpay na mai-type, dapat isagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng DNA typing upang maituring ang kit na nasuri na.

Hindi maituturing na nasuri na ang isang kit na sumailalim lamang sa biological screening. At, kung direktang isinumite ng isang medikal na pasilidad ang mga piling sample ng ebidensya sa isang laboratoryo ng krimen sa ilalim ng rapid turnaround DNA program, at ang naturang mga sample ay kinuha sa pamamagitan ng proseso ng DNA testing, ang buong sexual assault kit ay ituturing na nasuri na. Gayunpaman, ang "nasuri" na kit ay maaaring sumailalim sa karagdagang pagsusuri kung kinakailangan ng kasaysayan ng kaso; ang kit na itinuturing na nasuri na ay hindi pumipigil sa isang laboratoryo sa pagsuri ng mga karagdagang sample mula sa kit na iyon.

Mga Alituntunin sa Pag-audit para sa mga Ahensyang Nagpapatupad ng Batas at Pamublikong Laboratoryo ng Krimen

Hindi lalampas sa **Hulyo 1, 2026**, ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas at mga laboratoryo ng pamublikong krimen ay kinakailangang:

- 1) Para sa mga hindi pa nasuring kit ng biktima: Gumawa ng record sa SAFE-T database ng DOJ para sa bawat hawak nilang sexual assault evidence kit na hindi pa nakumpleto ang DNA testing sa Hulyo 1, 2026.

Eksepsyon: Kung ang isang kit ay nakolekta noong o pagkatapos ng Enero 1, 2024 **at** humiling ang biktima na huwag suriin ang kaniyang kit, ang kit ay hindi dapat ilagay sa SAFE-T database, at hindi ito dapat iulat para sa pag-audit na ito.

Tandaan: Maaaring piliin ng biktima na hindi magpapakilala o hindi lumahok sa isang pagsisiyasat o pag-uusig **at** gustuhin ding masuri ang kaniyang kit.

- 2) Para sa mga hindi nasuring suspect kit: Iulat sa DOJ ang partikular na data na may kaugnayan sa hawak nilang suspect sexual assault evidence kit na hindi pa nakumpleto ang DNA testing noong Hulyo 1, 2026. (Pen. Code, § 680.4, subd. (b).) Maaaring i-download ang template ng Excel para mag-ulat ng mga hindi pa nasuring suspect kit mula sa <https://oag.ca.gov/bfs/prop69>.

Upang matiyak na ang naitala ang iyong ahensya na nakakasunod sa mandato ng pag-audit sa ilalim ng seksyon 680.4, mangyaring kumpletuhin ang sumusunod **nang hindi lalampas sa Hulyo 1, 2026**:

- 1) Para sa lahat ng kwalipikado na hindi nasuring victim sexual assault evidence kit na hawak ng iyong ahensya, gumawa o i-update ang SAFE-T record para sa bawat kit. Walang karagdagang pag-uulat ang kinakailangan para sa mga kit na ito.
- 2) Mag-email sa DOJ sa SAEKaudit@doj.ca.gov upang:
 - a. Iulat na ang iyong ahensya ay may hawak na "Walang kwalipikado na hindi nasuring victim kit" (kung naaangkop).
 - b. Isumite ang ulat ng hindi nasuring suspect kit ng iyong ahensya (tulad ng tinalakay sa itaas), **Q** iulat na ang iyong ahensya ay may hawak na "Walang hindi nasuring suspect kit".
 - c. Iulat na ang iyong ahensya ay hindi tumatanggap, nagpapanatili, nag-iimbak, o nag-iingat ng mga sexual assault evidence kit, at samakatuwid ay hindi napapailalim sa pag-audit na ito (kung naaangkop).

Update sa mga Kinakailangan sa Pagpapanatili ng Rekord sa SAFE-T

Dati, inaatas ng Penal Code section 680.3 na ang nagpapatupad ng batas ay gumawa ng rekord sa SAFE-T database ng DOJ para sa bawat sexual assault evidence kit na nakolekta mula sa isang biktima noong o pagkatapos ng Enero 1, 2018. Simula noong 2024, nalalapat ang batas na iyon sa anumang kit na nakolekta mula sa isang biktima noong o pagkatapos ng Enero 1, 2018 **at** sa mga kit na hindi pa nakumpleto ang DNA testing noong Hulyo 1, 2026, anuman ang petsa ng koleksyon ng kit. (Pen. Code, § 680.3, subds. (a), (h).) Gayunpaman, ang isang kit na nakolekta noong o pagkatapos ng Enero 1, 2024 mula sa isang biktima na humiling na huwag suriin ang kaniyang kit ay hindi dapat ilagay sa SAFE-T database.

Ang mga rekord ng SAFE-T para sa mga hindi nasuring kit ng biktima na nakolekta bago ang Enero 1, 2016 ay ***hindi kasama*** sa mga kailangang i-update sa SAFE-T pagkatapos ng bawat 120 araw na hindi pa nakumpleto ang DNA testing. (Pen. Code, § 680.3, subd. (c)(2).) Bukod pa rito, ang mga kit na nakolekta bago ang Enero 1, 2018 ay hindi pa rin kasama sa 120 araw na kinakailangan sa pag-update.

Mga Alituntunin sa Pag-audit para sa mga Medikal na Pasilidad at Iba Pang Entidad na Hindi Nagpapatupad ng Batas

Ang mga medikal na pasilidad na nangongolekta ng mga sexual assault evidence kit at iba pang entidad na hindi nagpapatupad ng batas na nangongolekta, tumatanggap, nagpapanatili, nag-iimbak, o nag-iingat ng mga sexual assault evidence kit ay kinakailangan ding mag-ulat para sa pag-audit na ito. Hindi lalampas sa Hulyo 1, 2026, ang mga entidad na ito ay kinakailangang mag-ulat sa DOJ ng tukoy na impormasyon tungkol sa mga hawak nitong hindi nasuring sexual assault evidence kit na hindi naisumite sa isang ahensyang nagpapatupad ng batas o pampublikong laboratoryo ng krimen bago ang **Hulyo 1, 2026**. (Pen. Code, § 680.4, subd. (c).) Gayunpaman, ang isang kit na nakolekta noong o pagkatapos ng Enero 1, 2024 mula sa isang biktima na humiling na huwag suriin ang kaniyang kit ay hindi dapat iulat para sa pag-audit na ito. Maaaring i-download ang isang template ng Excel para sa mga entidad na hindi nagpapatupad ng batas para mag-ulat ng mga kwalipikado na hindi nasuring kit mula sa <https://oag.ca.gov/bfs/prop69>.

Upang matiyak na ang naitala ang iyong pasilidad na nakakasunod sa mandato ng pag-audit sa ilalim ng seksyon 680.4, kumpletuhin ang sumusunod **nang hindi lalampas sa Hulyo 1, 2026**:

- 1) Mag-email sa DOJ sa SAEKaudit@doj.ca.gov upang:
 - a. Isumite ang iyong ulat ng hindi nasuring kit, **0** iulat na may hawak kang “Walang kwalipikado na hindi nasuring kit”.
 - b. Iulat na ang iyong pasilidad ay hindi nangongolekta, tumatanggap, nagpapanatili, nag-iimbak, o nag-iingat ng mga sexual assault evidence kit, at samakatuwid ay hindi napapailalim sa pag-audit na ito.

Inatasan ang DOJ na magsumite ng ulat sa Lehislatura na nagbubuod sa impormasyong natatanggap nito sa Hulyo 1, 2027. Ang data para sa ulat ay bahagyang ibabatay sa data na inilagay sa SAFE-T database noong o bago ang Hulyo 1, 2026. Anumang kasunod na pag-update sa mga rekord ng SAFE-T ay hindi isasama sa ulat ng pag-audit.

Nagtatakda ang Penal Code section 680.4 ng partikular na pamantayan sa pag-uulat para sa pag-audit na ito. Upang humiling ng kopya ng template ng pag-uulat o tulong sa pagtukoy kung ang isang kit ay napapailalim sa kinakailangan sa pag-uulat, makipag-ugnayan sa Bureau of Forensic Services sa SAEKaudit@doj.ca.gov. Para sa tulong sa SAFE-T database, mangyaring mag-email sa SAFET@doj.ca.gov.